Mga Kawani sa Pangangalaga at Pagkontrol ng Hayop
Mga Madalas na Katanungan (FAQs)

Sakit na Coronavirus (COVID-19)

Kamakailang mga Pagbabago:
11/6/20: Binago ang impormasyon tungkol sa pagbubukod at pag-quarantine at pangangasiwa ng mga alagang hayop sa kanlungan (shelter).

1. Ano ang novel coronavirus?

Ang mga coronavirus ay isang malaking pamilya ng mga virus. Marami sa kanila ay hinahawaan ang mga hayop, ngunit ang ilang mga coronavirus mula sa hayop ay maaaring nagbabago sa panahon at makahawa sa mga tao, pagkatapos ay kumalat mula tao-sa-tao. Ito ang nangyayari sa kasalukuyang novel coronavirus. Ang mga sakit mula sa mga coronavirus sa mga tao ay tipikal na nagsasanhi ng banayad hanggang sa katamtamang sakit, tulad sa pangkaraniwang sipon. Ang ilan, tulad ng SARS o MERS na mga virus, ay nagsasanhi ng mga malulubhang impeksyon tulad ng pulmonya.

2. Ano ang mga karaniwang sintomas ng COVID-19 sa mga tao?

Ang mga sintomas ng COVID-19 ay maaaring kabilangan ng isa o higit pa ng sumusunod: lagnat, ubo, pangangapos ng hininga o hirap sa paghinga, panggiginaw, pagkapagod, sakit ng kalamnan o katawan, sakit ng ulo, namamagang lalamunan, pagkahilo o pagsusuka, pagtatae, baradong ilong o sipon, o biglaang pagkawala ng panlasa o pang-amoy. Ang listahan ng mga sintomas na ito ay hindi kumpleto. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga sintomas, tingnan ang ph.lacounty.gov/covidcare.

3. Paano Kumakalat ang COVID-19?

Tulad ng iba pang mga sakit sa palahingahan, ang mga pantao na coronavirus ay pinaka-karaniwang kumakalat sa ibang mga tao mula sa isang nahawaang tao sa pamamagitan ng:

- Mga maliliit na patak na nalikha sa pamamagitan ng pag-ubo, pagbahing o pagsasalita
- Malapitang personal na pakikisalamuha, tulad ng pag-aalaga sa isang nahawaang tao
- Maaari ring kumalat ang COVID-19 sa paghawak ng ibabaw o bagay na may virus at pagkatapos ay hahawakan ang bibig, ilong, o mga mata ngunit hindi ito ang iniisip na pangunahing paraan na kumakalat ang virus. Ang ilang mga tao ay nakakakuha ng COVID-19 nang hindi kailanman nagpapakita ng mga sintomas ngunit maaari pa rin nilang maikalat ang impeksyon sa ibang mga tao.

Mga Mahahalagang Mensahe:

Walang ebidensya na ang mga alagang hayop ay maaaring ikalat ang COVID-19 sa mga tao.

Ang mga alagang hayop ay maaaring magpakalat ng iba pang mga karamdaman sa mga tao, kaya hugasan ang iyong mga kamay pagkatapos na humawak sa mga alagang hayop.

Ang mga kawani sa pangangalaga at pagkontrol ng hayop ay dapat na sumunod sa mga pamantayang protokol para sa pag-aasikaso ng mga may sakit na hayop o yoong mga nalantad sa karamdaman.

Para sa higit pang impormasyon:

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County

Tawagan ang 2-1-1

http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/

Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit
http://www.cdc.gov/coronavirus/novel-coronavirus-2019.html

Sakit na Coronavirus (COVID-19)

4. Maaari bang magkasakit ang mga alagang hayop ng COVID-19 at maikalat ito?

Sa ngayon sa U.S. may kaunting mga ulat tungkol sa mga hayop na nagpositibo para sa COVID-19, karamihan pagkatapos ng malapitang pakikisalamuha sa mga taong may COVID-19. Tila lumalabas na naikakalat ang virus mula tao papunta sa hayop sa ilang mga sitwasyon. Gayunpaman, wala pang mga ulat ng mga tao o mga may-ari ng alagang hayop na nahawaan ng COVID-19 mula sa kanilang mga alagang hayop. Sa oras na ito, walang ebidensiya na ang mga hayop, kabilang ang mga aso at pusa, ay maaaring magpakalat ng COVID-19 sa mga tao.

5. Paano ko poprotektahan ang sarili ko na makakuha ng COVID 19 habang nasa trabaho?

Ang mga kawani na may mga sintomas na kaugnay sa COVID-19 ay dapat na manatili sa bahay at makipag-usap sa kanilang tagapagbigay (provider) tungkol sa pagpapasuri. Iyong mga nasuring positibo para sa COVID-19 o sinabihan ng kanilang tagapagbigay na sila ay may COVID-19 ay dapat na magbukod at iyong mga malapitang nakasalamuha na may kaso ng COVID-19 na kumpirmado ng laboratoryo ay dapat na manatili sa bahay mula trabaho at mag-quarantine. Ang mga pantakip ng mukha ay dapat na isuot sa buong kanlungan at hangga't maaari ang pisikal na pagdistansya ay dapat na ipatupad sa lahat ng lugar ng kanlungan.

Kapag ang pisikal na pagdistansya ay hindi maaari (hal. sa mga paggawa ng beterinaryo), ang mga kawani ng kanlungan ay dapat na gumamit ng naaangkop na personal na pamprotektang kagamitan. Tingnan ang Gabay para sa mga Kawani sa Pagsasanay ng Beterinaryo para sa higit pang impormasyon.

6. Ano ang dapat kong gawin kung ako ay makikiugnay sa isang alagang hayop na malapitang nakasalamuha ng isang taong may mga sintomas sa palahingahan?

Bagaman ang panganib ng paghahatid (transmission) ng sakit na galing sa balahibo ay tila napakababa, ang mga kawani ng kanlungan ay pinapayuhan na gawin ang mga sumusunod na pag-iingat:

- Magsuot ng maskara, gown at mga guwantes. Ang mga inirerekomendang PPE batay sa kasaysayan ng kasamang hayop ay matatagpuan rito.
- Hugasan ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig bago at pagkatapos ng bawat pakikipag-ugnayan sa mga hayop.
- Huwag pahintulutan ang mga alagang hayop na dilaan ang iyong mga mukha habang nag-aasikaso at iwasan ang sobrang pakikipag-ugnayan tulad ng paghahaplos, pagyapos, pagpapakain gamit ang kamay, at pagbabahagi ng pagkain.

7. Ano ang dapat kong gawin kung dapat kong bawiin ang alagang hayop mula sa isang tirahan na nahawaan ng COVID-19?

- Hangga't maaari, iwasan na pumasok sa bahay para maiwasan ang tao-sa-taong paghahatid. Ang alagang hayop ay dapat tipunin ng kawani habang nagpapanatili ng hindi bababa sa anim (6) na talampakang distansya mula sa mga taong naninirahan sa bahay at nililimitahan ang kontak sa kapaligiran. Ang parehong manggagawa sa pagkontrol ng hayop at residente na nag-aabot ng hayop ay dapat na magsuot ng mga pantakip ng mukha sa maikling pakikipagtulungang ito. Ang mga bagay-

bagay tulad ng mga mangkok, tali at laruan ay hindi dapat tanggalin mula sa sambahayan.

- Hugasan ang mga kamay bago at pagkatapos asikasuhin ang alagang hayop (gumamit ng sabon at tubig o isang hand sanitizer na naglalaman ng hindi bababa sa 60% alkohol). Pagdating sa kanlungan (shelter), disimpektahin ang trak, hugasan ang mga kamay, at palitan ang iyong damit.
- Kung ang pagtipun ng alagang hayop ay kasasangkutan ng pakikipag-ugnayan sa mga tao na nasa sambahayan na nahawaan ng COVID-19 o nalalantad sa mga kontaminadong kapaligiran, ang paggamit ng PPE at pagsasanay sa wastong paggamit nito ay inirerekomenda. Tanggalin at itapon o disimpektahin o labhan (kung naaangkop) ang lahat ng PPE at kasuotan sa paa pagkatapos na maibalik ang hayop sa kanlungan.

8. Ano ang dapat kong gawin kung ang alagang hayop ay na-impound sa kanlungan?

- Magsuot ng mga guwantes at mga gown/kasuotang natatakpan ang lahat na maaaring labhan at nakatuong kasuotan sa paa kapag hinahawakan ang alagang hayop na kukunin.
- Maghugas ng mga kamay sa pagitan ng paghawak sa bawat hayop, pagkatapos na tanggalin ang mga guwantes.
- Hindi na inirerekomenda ang pagpapaligo o paglalagay ng pandisimpekta sa panlabas na bahagi ng mga hayop o alagang hayop na ito.
- Agad na disimpektahin ang mga ibabaw sa mga lugar na karaniwang ginagamit kung saan nakasalamuha ang mga nalantad na hayop.
- Ibukod ang alagang hayop sa isang silid na itinalaga para sa mga katulad na nalantad na hayop, malayo mula sa pangkalahatang populasyon. Dapat na ihiwalay ang mga nalantad na hayop sa pamamagitan ng uri (hal. ang mga aso sa isang hiwalay na tanod (ward) mula sa mga pusa).
- Magpaskil ng mga karatula sa mga tahanang panghayop na kinikilala ang alagang hayop, kanyang pagkakalantad at “Huwag Hahawakan”.
- Dalhin sa labas ang hayop para sa pag-aalis (elimination)/ehersisyo sa isang nakatuong lugar na maaaring i-sanitize ngunit hindi pinahihintulutan ang direktang pakikisalamuha sa ibang mga tao at hayop.
- Subaybayan nang mabuti ang bawat hayop para sa mga senyales ng sakit at iulat kaagad sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan, Programa sa Beterinaryo ng Pampublikong Kalusugan kung may mapapansin kayong mga senyales ng sakit.
- Magtalaga ng limitadong kawani na may akses sa silid na ito para sa pagpapakain, paglilinis, at medikal na pangangalaga – para limitahan kung gaano karami na virus ang maaaring maikalat sa iba’t ibang bahagi ng kanlungan. Ang kawani na nasa mataas na panganib para sa kumplikasyon na mula sa COVID-19 ay dapat na iwasan ang pakikisalamuha sa mga hayop na ito. Magpanatili ng isang talaaan ng lahat ng kawani na nagkaroon ng pakikisalamuha sa hayop para sa pagsusubaybay sa kalusugang pantrabaho.
- Sumunod sa mga protokol ng kanlungan para sa pamantayang pagdidisimpekta ng kanlungan at mga sasakyan na ginagamit upang maghatid ng mga hayop. Linisin ang itinalagang silid na huling ugnayan sa kabuuang populasyon ng kanlungan.
- Dagdagan ang kalinisan ng mga lugar na madalas hawakan (mga hawakan, mesa, tali, lalagyan, kompyuter)

- Pakawalan sa may-ari ang alagang hayop sa lalong madaling panahon. Kung ang nalantad na hayop ay dapat na paalagaan o ipaampon, pigilin muna ito sa kanlungan ng 14 na araw mula sa huling napag-alamang pagkakalantad